NOVEMBER 2023 ISSUE

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus



IMUS, Cavite — Nakiisa ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng mga Bata 2023 — may temang “Health, Nourished, Sheltered: Ensuring the Right to Life for All” — sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba’t ibang aktibidad para sa mga batang Imuseño, kabilang na ang taunang Local State of the Children’s Report, ngayong Nobyembre 2023 sa pangunguna ng Imus Local Council for the Protection of Children (LCPC) na pinamumunuan ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula, katuwang ang City of Imus – Youth Affairs Office (YAO).


## NATIONAL CHILDREN’S MONTH

| Page 2 - 5

* 2-day Young Filmmakers Workshop
* 5th Youth Leaders’ Summit
* Kiddie-lympic 2023 Championship
* Imusikapansan Year 6
* Eskwela Kooperatiba Engagement
* Book Character Costume Competition
* 2023 Youth Financial Literacy Festival
* Local State of the Children’s Report 2023

## 18-DAY VAW CAMPAIGN

| Page 6 - 7

* The Orange Exhibit
* Understanding Republic Act No. 11313 Seminar
* United Juana: A Basic Life Support and Self-Defence Training
* CineJuana: Salamin ng Karahasan sa Kasalukuyan
* Barangay GAD Focal Posint System Orientation
* Child-Friendly Local Governance Audit

## GOVERNANCE

| Page 8

* Sugod Bahay ni Mayor AA

# National Children's Month 2023, ipinagdiwang ng Imus LGU




Nagsimula ang pagdiriwang sa pagsasagawa ng dalawang araw na Young Filmmakers Workshop noong Nobyembre 8 at 9, 2023 na ginanap sa Imus City Government Center para sa mga kabataang Imuseñong nagnanais gumawa ng pelikula.

Ibinahagi ng producer, director, at writer na si Arvin Belarmino at ng director at writer na si Kyla Romero sa mahigit 60 kabataang Imuseño ang kanilang kaalaman patungkol sa paggawa ng mga pelikula.

Sa pamamagitan nito, naipakilala sa mga kabataan ang mahahalagang aspeto ng sining ng pelikula.

Sa temang "AAngat ang Lahat: Youth for the Voiceless, Turning Aspiration into Leadership Initiatives," pinag-usapan ng mga kabataang Imuseño ang iba-ibang paraan upang mabigyan ng pagkakataong makapagsalita ang mga indibidwal na walang boses sa pagdaos ng 5th Youth Leaders' Summit nitong Nobyembre 24, 2023 sa Imus City Government Center.

Nakasentro ang usapan sa pagtutulungan at pagpapatupad ng mga adbokasiya at epektibong pagpapatupad ng community development programs.

Taunang isinasagawa ang Youth Leaders' Summit upang mapalakas pa ang mga katangian ng pagiging isang lider ng mga kabataang Imuseño.







Nagtapos ang pagdiriwang ng National Children's Month 2023 sa pagsasagawa ng Kiddie-lympic 2023 Championship nitong Nobyembre 28, 2023 sa City of Imus Sports Complex.

Nilahukan ng mga mag-aaral mula sa child development centers ang iba't ibang kompetisyong inihanda ng tanggapan.

Kabilang na ang relay games, field demonstration, folk dance, singing contest, poem recitation, at coloring contest.

Isa ang Kiddie-lympic sa mga programa ng Committee on Child Development sa pamamagitan ng City Social Welfare and Development Office.

Taunang ipinagdiriwang ang Pambansang Buwan ng mga Bata tuwing Nobyembre batay sa Republic Act No. 10661 taong 2014.

# ImuSikapansanan YEAR 6

IMUS · MUSIKA · KAPANSANAN

Nalinang ang iba't ibang talento ng humigit-kumulang 700 Imuseñong may kapansanan sa kanilang pagtatanghal sa ImusiKapansanan Year 6 noong Nobyembre 10, 2023 sa City of Imus Sports Complex.

Dito, pinatunayan ng mga Imuseñong may kapansanan na hindi hadlang ang kanilang disabilidad upang mahubog nang husto ang kanilang mga angking talento.

Nalinang ang iba't ibang talento ng humigit-kumulang 700 Imuseñong may kapansanan sa kanilang pagtatanghal sa ImusiKapansanan Year 6 noong Nobyembre 10, 2023 sa City of Imus Sports Complex.

Dito, pinatunayan ng mga Imuseñong may kapansanan na hindi hadlang ang kanilang disabilidad upang mahubog nang husto ang kanilang mga angking talento.



Naging espesyal din ang pagdaos nito sa pagdalo ni Senador Risa Hontiveros na binigyang-diin ang kahalagahan ng pagsuporta sa persons with disabilities (PWDs) tungo sa mas inklusibong lipunan.

Nagtanghal ang Special Education students ng Gov. D.M. Camerino Integrated School, Malagasang II Elementary School, Anabu II Elementary School, Bucandala Elementary School, Imus Pilot Elementary School, Gen. Emilio Aguinaldo National High School, at Imus National High School.

Nagkaroon din ng special performance ang Cavite State University Imus Sinagtala Chorale at ng isang tribute performance mula kay Renzi Oline On.

Naging bahagi rin nito sina Provincial Administrator Dr. Alvin Mojica, City Administrator Tito Monzon, Konsehal Yen Saquilayan — Committee Chair on Social Services, Family, Women, Children, and Elderly — Konsehal Mark Villanueva, Konsehal Wency Lara, Konsehal Darwin Remulla, at Officer-in-charge Maria Fides Escalada ng Persons with Disability Affairs Office (PDAO).

Ang ImusiKapansanan ay ang taunang programa ng PDAO na humihikayat at sumusuporta sa mga PWD na ipagmalaki ang kanilang mga talento, lalo na sa pagtatanghal.





## ESKWELA KOOPERATIBA ENGAGEMENT

Upang mas tumatag ang Eskwela Kooperatiba (EK) na binubuo ng mga Imuseñong mag-aaral, idinaos ng City of Imus Cooperative, Livelihood & Entrepreneurial, and Enterprise Development Office ang EK Engagement Forum noong Nobyembre 17, 2023 sa Imus City Government Center.

Pinag-usapan dito ng guardian cooperatives at iba’t ibang kinatawan ng mga paaralan mula sa public at private schools ang patungkol sa Membership Status at Sustainability of Operation ng EK.

Nakasama rin dito sina Konsehal Jelyn Maliksi na Committee Chair on Cooperatives at Mr. Jeffrey Purisima na kinumusta ang kalagayan ng naturang programa.

Sa pamamagitan ng pagsali ng mga estudyante sa EK, naituturo sa kanila ang tamang paggamit ng pera, kahalagahan ng pag-iimpok, at pagkakaisa.

Ayon sa datos, nasa humigit 40,000 na ang mga miyembro ng EK.

Muling pinatunayan ng mga kabataang Imuseño ang kanilang talento sa pag-arte at sa pagiging malikhain sa paglahok sa ikatlong taon ng Book Character Costume Competition – My Favorite Book Character: Dressing Up and Acting Out ng Imus City Public Library noong Nobyembre 16, 2023 na ginanap sa City of Imus Sports Complex.

Mula sa 73 kalahok, wagi si Juliel Margio C. Orap na makuha ang First Place sa Category 1, si Jiana Felicid D. Canada sa Category 2, at si Dhannie Anne Anacio sa Category 3.

Kinilala naman bilang Best in Costume sina Zach Dylan B. Garcia para sa Category 1, Yhasmyn Claire D. Cordovero para sa Category 2, at Kheasley Mae L. Ramirez para sa Category 3.

Nakatanggap din ng consolation prize na P500 ang lahat ng mga nakilahok.

Ang Book Character Costume Competition – My Favorite Book Character: Dressing Up and Acting Out ng Pampublikong Aklatan ng Imus ay taunang ginaganap upang mahikayat ang mga kabataang Imuseñong ipamalas ang kanilang malikhaing pag-iisip, husay sa pagbabasa, at galing sa pagsasadula.





## BOOK CHARACTER COSTUME COMPETITION

Ginanap ang 2023 Youth Financial Literacy Festival para sa mga miyembro ng Eskwela Kooperatiba (EK) noong Nobyembre 18, 2023 sa Children and Youth Center sa pangunguna ng City of Imus Cooperative, Livelihood & Entrepreneurial Development and Enterprise Office (CICLEDO).

Ibinahagi ni Dr. Aldrin Antivola sa elementary, junior at senior high school students kung paano humawak at magpatakbo ng pera.

Inimbitahan ng Imus City Public Library ang 226 na Grade 5, 6, at 8 students ng Malagasang 3 Elementary School at Imus National High School para sa isang Film Viewing at Library Orientation sa mga araw ng Nobyembre 20 at 24, 2023.

Layon nitong mahikayat ang mga mag-aaral na bumisita sa pampublikong aklatan sa pamamagitan ng pagpapakilala sa mga serbisyo at pasilidad nito.




## 2023 YOUTH FINANCIAL LITERACY FESTIVAL

# Local State of the Children's Report 2023



Sa ikalawang taon, muling iniulat ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang mga naisagawang aktibidad at programa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus para sa mga bata at kabataan sa Local State of the Children's Report 2023 nitong Nobyembre 20, 2023 sa Imus City Government Center.

Binigyang-diin ni Mayor AA sa kaniyang talumpati ang pagbabakuna sa 4,806 na bata kontra sa anim na vaccine-preventable diseases, ang pagturok ng 72,777 bakuna laban sa COVID-19, at ang pagtimbang sa 19,190 batang edad 0 hanggang 59 na buwan.

Gayundin ang edukasyon ng mga batang Imuseño, kung saan 32,000 estudyante sa mga pampublikong paaralan ang nakatanggap ng school bags at supplies.

Patuloy rin ang pagtatayo ng tatlong bagong pampublikong paaralang elementarya sa mga barangay ng Maharlika, Malagasang First, at Malagasang Second, habang nakalatag naman ang planong magkaroon ng karagdagang 35 day care center sa lungsod.

Sa pamamagitan ng isang audio-visual presentation, inilahad ng Pamahalaang Lungsod ang lahat ng mga napagtagumpayan nito para sa tuloy-tuloy na pagsulong sa kapakanan ng mga bata sa Imus.

Saksi sa naturang pag-uulat sina Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Konsehal Yen Saquilayan — bilang Committee Chair on Social Services, Family, Women, Children, and Elderly — Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Mark Villanueva, Konsehal Totie Ropeta, Konsehal Wency Lara, Liga ng mga Barangay President David Sapitan Jr., at Sangguniang Kabataan Federation President Chelsea Sarno








## *Imus, nakiisa sa 18-day Campaign to End VAW*

IMUS, Cavite — Matagumpay na nagtapos ang pakikiisa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa 18-day Campaign to End Violence Against Women (VAW) ng Philippine Commission on Women (PCW) mula noong Nobyembre 25 – Disyembre 12, 2023.

### *Understanding Republic Act No. 11313 seminar*

Ginanap ang "Understanding Republic Act No. 11313" o ang Safe Spaces Act (Bawal Bastos Law) seminar noong Disyembre 1, 4, at 7, 2023 upang mapaliwanagan ang mga kawani ng Pamahalaang Lungsod ng Imus hinggil sa kahalagahan at mga nilalaman ng nasabing batas.



Pinangunahan nina Atty. Mylene B. Gonzales-Esquivel, RSW at Jo Enrica "Jean" Catalla Enriquez ang talakayan sa mga isyu at suliraning patuloy na pinagdaraanan ng mga biktima ng pangbabastos at sensual na panghaharas sa kabila ng pagpapatupad ng Bawal Bastos Law.



### *United Juana: A Basic Life Support and A Self-Defense Training*





Kaagapay ang Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office at Philippine Taekwondo Association, idinaos ang United Juana: A Basic Life Support and A Self-defense Training noong Disyembre 6, 2023 sa City of Imus Sports Complex.

Natutunan dito ng mga kababaihang Imuseño kung paano ang wastong pagbibigay ng first aid, kabilang na ang CPR at Heimlich maneuver, at kung paano nila pisikal na madedepensahan ang kanilang mga sarili.

## The Orange Exhibit

Sinimulan ng lokal na pamahalaan ang kampanya sa pagbubukas ng kauna-unahang "The Orange Exhibit: Journey Towards a VAW-free Philippines" sa Cavite noong Nobyembre 25, 2023 sa The District Imus.

Inilarawan nito ang mga napagtagumpayan ng naturang kampanya sa nakalipas na dalawang dekada.

Kabilang na ang pagpasa sa Republic Act (RA) No. 9208 o ang Anti-Trafficking in Persons Act of 2003, RA 9262 o ang Anti-Violence against Women and Their Children Act of 2004, at iba pang anti-VAW laws para sa patuloy na paglinang ng kamalayan sa mga karahasan at pang-aabusong nararanasan ng mga kababaihan araw-araw.

Nagtagal ang naturang exhibit hanggang Disyembre 12, 2023.



## CineJuana: Salamin ng Karahasan sa Kasalukuyan






Sa pakikipagtulungan sa Eduksine, ginanap ang "CineJuana: Salamin ng Karahasan sa Kasalukuyan" tampok ang pelikulang "Verdict" ni Raymund Ribay Gutierrez noong Nobyembre 29, 2023 sa Cinema 1 at 2 ng CityMall Anabu.

Sinasalamin ng nasabing pelikula ang karanasan ng mga mag-iinang biktima ng domestic abuse.

Pinanood ito ng mga mag-aaral ng Gen. Pantaleon Garcia Senior High School (SHS), Gen. Juan Castañeda SHS, at Gov. Juanito Reyes Remulla SHS na nakilahok din sa isang open forum ukol sa mga pang-aabuso, karahasan, at diskriminasyong kinakaharap ng mga kababaihan na pinangunahan ni Ms. Ma. Andrea Angala.

## Barangay GAD Focal Point System Orientation









Upang lumawak pa ang kaalaman ng mga bagong Barangay Gender and Development (GAD) Focal Person, isinagawa ang GAD Orientation to Newly Elected and Appointed Barangay GAD Focal Point System noong Disyembre 11–12, 2023 sa Children and Youth Center, Imus Pilot Elementary School.

Sa pamamagitan nito, maayos na matutugunan ng focal persons ang pangangailangan ng mga kababaihan at kanilang mga anak sa kani-kanilang barangay.

Sa bisa ng Proclamation No. 1172, taong 2006, iba't ibang aktibidad na nagsusulong sa karapatang pantao ng mga kababaihan laban sa karahasan at anumang uri ng diskriminasyon ang isinasagawa kada taon tungo sa isang VAW-free Philippines.

## Imus LGU, 2022 Child-Friendly Local Governance Audit

IMUS, Cavite — Nakatakdang tumanggap ng Seal of Child-Friendly Local Governance ang Pamahalaang Lungsod ng Imus matapos itong pumasa sa 2022 Child-Friendly Local Governance Audit (CFLGA) ng Department of the Interior and Local Government at Department of Social Welfare and Development na inanunsyo noong Nobyembre 8, 2023.

Patunay ito sa patuloy na pagsulong ng Imus sa mga programang nagbibigay-prayoridad sa mga pangunahing pangangailangan ng mga batang Imuseño tulad ng karapatan sa kaligtasan, pag-unlad, proteksyon, pakikilahok, at pamamahala.

Kabilang ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa 63 lokal na pamahalaan sa rehiyon ng CALABARZON na pumasa sa CFLGA.

Taunang sinusuri ng CFLGA ang iba't ibang programa at serbisyong isinasagawa ng mga lokal na pamahalaan para sa kapakanan ng mga bata at kabataan.

## SUGOD BAHAY, MULING SINIMULAN NI MAYOR AA

IMUS, Cavite — Muling sinimulan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang kaniyang proyektong Sugod Bahay nitong Nobyembre 22, 2023 sa kaniyang pagbisita sa dalawang kapos-palad na mga Imuseño sa mga barangay Anabu 1-C at Toclong 1-B.

Unang binisita ni Mayor AA si Mary Jane Alas na naninirahan sa Brgy. Anabu 1-C, ina ng limang anak, na hinandugan ng pangkabuhayang package para makapagsimulang maglako ng mga gulay at isda.




Kasama na rito ang bagong sidecar, grocery package, bigasan package, P30,000 mula kay Mayor AA, P15,000 halaga ng livelihood project mula sa Department of Labor and Employment (DOLE), at tulong medikal sa kaniyang asawang may katarata sa mata.

Kinumusta rin ni Mayor AA si Dolores Jamera na naninirahan sa Brgy. Toclong 1-B, 44 na taong gulang, ina ng 4 na anak, at may malaking bukol sa leeg. Pinagkalooban si Dolores ng pangkabuhayang package upang makapagsimulang magtinda ng fishball, turon, at lumpiang toge.

Kabilang na ang bagong refrigerator, maliit na kalan, mga gamit pangluto, grocery package, bigasan package, P30,000 mula kay Mayor AA, P15,000 halaga ng livelihood project mula sa DOLE, at tulong medikal para sa pagpapatanggal ng kaniyang bukol sa leeg.



Kada buwan, dalawang Imuseñong lubos na nangangailangan ang susugurin ng Sugod Bahay ni Mayor AA upang matulungang umangat sa buhay.

Nagsimula ang Sugod Bahay taong 2018 noong siya ay kinatawan ng Ikatlong Distrito ng Cavite.

Naniniwala ang alkalde na "Habang may buhay, sobrang laki ng pag-asa."


## EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Elai Lardizabal
Ron Diaz

**Photo Credits:**
City Information Office
City Tourism and Heritage Office
Office of the Congressman


IMUS CIO CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, Imus City Government Center, Imus Boulevard, Malagasang I-G, City of Imus, Cavite